Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-15 NG MARSO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
4.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
5.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
6.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
7.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
8.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
3.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 51-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGPAPAHAYAG NA ANG KAPULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA AY WALANG ANUMANG PAGTUTOL SA PANUKALANG PAGPAPAUNLAD NG "CANLUBANG PROJECT" (A JOINT VENTURE BETWEEN THE YULO FAMILIES AND THE AYALA INC.)

SAPAGKA'T, ang mga kinatawan ng Ayala Land, Inc. sa pangunguna ng kanilang Pangalawang Pangulong si G. Manuel J. Colayco, Jr. ay nagsulit ng "feasibility study" para sa pagsasakatuparan ng isang kumpletong pamayanan sa lupang pag-aari ng pamilya Yulo sa bayan ng Santa Rosa, na bubuuin ng pook residensiyal, pangkalahatang sentrong pangkomersiyal at panlibangan at lahat ng kinakailangan para sa isang maunlad na pamayanan tulad ng simbahan, pagamutan, paaralan at mga kaukulang terminal sa paglalakbay;

SAPAGKA'T, bukod sa isinulit na pag-aaral ay sinuportahan pa rin ng mga dalubhasa sa kapaligiran at pagpaplanong urban mula sa Pamantasan ng Pilipinas ang proyekto upang maiwasan ang anumang pinsalang maidudulot sa mga karatig pamayanan at sa kapaligiran, lalong-lalo na sa masaganang panustos sa pagpapatubig;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapahayag na ang kapulungan ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa ay walang anumang pagtutol sa panukalang pagpapaunlad ng "Canlubang Project" (A joint venture between the Yulo Families and the Ayala Land Inc.)

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-11 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-15 ng Marso, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Received By: Apollo Tamo 3/27/95